

## Mga Aktibidad na Hindi Maaari/Hindi Angkop

Bumuo ang Ministry of Education and Training (Policy/Program Memorandum No.124A – April 27, 1999) ng listahan ng mga aktibidad na hindi dapat piliin bilang pang-komunidad na pagsangkot at kaya ang mga ito ay hindi puwede. Ang mga aktibidad na hindi nararapat ay isang aktibidad na:

- hinihingi o requirement sa klase o kurso kung saan ang estudyante ay naka-enrol (gaya ng: bahagi ng kurso na co-operative education, job shadowing o pag-aaral ng gawain ng iba, job-experience/karanasan sa trabaho);
- nangyayari sa araw at oras na may pasok/klase (araw naitinalaga para sa instruksiyonal na programa). Subalit ang isang aktibidad na nangyayari sa oras ng tanghalian o pahinga ng estudyante ay pinahihintulutan;
- nangyayari sa lugar ng pagtotroso, pagmimina, kung ang mag-aaral ay wala pang labing-anim na taong gulang;
- nangyayari sa pabrika, kung ang mag-aaral ay wala pang labinlimang taong gulang;
- nangyayari sa isang lugar ng trabaho maliban sa pabrika, kung ang estudyante ay wala pang labing-apat na taong gulang at walang kasamang adulto;
- karaniwang ginagawa ng isang empleyado na may sahod sa lugar ng trabaho;
- nagsasangkot ng operasyon ng isang sasakyan, malakas na kagamitan o power tools, o bastidor;
- nagsasangkot ng pagbibigay ng anumang uri o porma ng medikasyon o tuntuning pang-medikal sa ibang tao;
- nagsasangkot ng pag-aasikaso ng sangkap na tinagurian bilang “mga itinalagang sangkap” o “designated substances” na napapaloob sa Batas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety Act);
- nangangailangan ng kaalaman ng bokasyon ng isang tao at ang bokasyong ito ay pinapangasiwaan ng pamahalaang panlalawigan;
- nagsasangkot ng gawaing pang-bangko o pamamahala ng seguridad, o pangangasiwa ng alahas, sining, mga antigo o iba pang mahalagang gamit;
- mga gawaing karaniwang ginagawa sa tahanan (i.e. pang-araw-araw na gawain sa bahay o household chores) o aktibidad para sa pampersonal na libangan;
- nagsasangkot ng programa na iniutos ng korte (e.g., programa na serbisyong pangkomunidad para sa kabataang nagkasala, probationary program).

### TORONTO CATHOLIC DISTRICT SCHOOL BOARD

Director of Education – Bruce Rodrigues

Associate Director of Education – Angela Gauthier

Superintendent of Student Success – Patrick Keyes

Superintendent of Curriculum and Accountability – Josie DiGiovanni

### TRUSTEES 2012-2013

- |                             |                       |                    |
|-----------------------------|-----------------------|--------------------|
| 1. Peter Jakovic            | 6. Frank D'Amico      | 11. Angela Kennedy |
| 2. Ann Andrachuk, Chair     | 7. John Del Grande    | 12. Nancy Crawford |
| 3. Sal Piccininni, V.-Chair | 8. Tobias Verga       | Andrew Walker      |
| 4. Patrizia Bottoni         | 9. Jo-Ann Davis,      | Student Trustee    |
| 5. Maria Rizzo              | 10. Barbara Poplawski |                    |



## TUMATAKBO ANG ORAS...

Alam nyo ba na bawat mag-aaral ay kailangang kumumpleto ng 40 oras na serbisyo sa komunidad upang makapagtapos?

PATNUBAY SA MAGULANG



FILIPINO/TAGALOG

---

## Pangkalahatang Impormasyon at Layunin

---

Nakasaad sa 1999 *Program and Diploma Requirements* para sa Grades 9-12 ng Mataas na Paaralan sa Ontario, naangang bawat mag-aaral na nagsimula ng haiskul sa panahon ng at pagkatapos ng taong 1999-2000 ay kailangang kumumpleto ng minimo na 40 oras na serbisyo sa komunidad o pagsangkot sa mga aktibidad sa komunidad bilang bahagi ng hinihingi para makamit ang Ontario Secondary School Diploma (OSSD).

Kini-kinita namin ang mga mag-aaral na nabuo sa pananampalatayang Katoliko, na patuloy na magtamo ng kahusayan sa akademik, magpamalas ng pandaigdig na perspektibo at responsibilidad sa komunidad.

---

## Mga Alituntunin

---

- Simula sa July 2011, maaari ng gampanan ng mag-aaral ang hinihinging ito sa summer o tag-araw bago siya pumasok sa grade 9.
- Ang mga aktibidad ay hindi dapat bahagi ng kurso na kredito.
- Walang bayad dapat ang mga aktibidad.
- Hindi lahat ng pagboboluntaryo o "Volunteer" ay masasabing serbisyo sa komunidad o "community service".
- Hindi maaaring magboluntaryo ang mga mag-aaral sa isang lugar ng negosyo sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng "libre".
- Kinailangang ibigay ng mga mag-aaral ang pinakabagong rekord o mga tala ng kanilang mga aktibidad habang tinatapos nila ito.

---

## Pagsisimula

---

- Narito ang ilang mga suhestiyon: Gumugol ng panahon kasama ng iyong anak at pag-aralan ang listahan ng mga puwede/maaari at mga hindi maaaring mga aktibidad sa brosyur na ito – alamin kung ano ang interes ng iyong anak.
- Bumisita sa [www.40hours.ca](http://www.40hours.ca) at sa [www.volunteertoronto.ca](http://www.volunteertoronto.ca) para sa mga oportunidad sa GTA.
- Tingnan ang ibang mga impormasyon—ang magandang lugar para magsimula ay ang Student Community Involvement booklet, na maaaring mabasa sa [www.tcdsb.org](http://www.tcdsb.org) > Students > Community Involvement > Community Involvement Information > Community Involvement Activity Form
- Makakapag-print ang mag-aaral/magulang ng mga Activity Forms kung kinakailangan. Hinihikayat ang mga mag-aaral na magpakopya ng kanilang form bago nila ito ibigay sa paaralan.
- "Kinailangang ibigay ng mga mag-aaral ang pinakabagong rekord o tala ng kanilang mga aktibidad habang tinatapos nila ito."

---

## Lubos na inirerekomenda na simulan ng mga mag-aaral ang kanilang 40 oras na serbisyo sa komunidad sa lalong madaling panahon.

---

---

## Mga Maaari/Angkop na Aktibidad

---

Ang sumusunod na listahan ay nagbibigay ng mga halimbawa ng mga aktibidad sa komunidad na, kung napapaloob sa intensiyon at diwa ng mga patnubay at wastong pamantayan, ay puwedeng piliin o gawin:

- Pangangalap ng Pondo o Fundraising – nagsasali ng pagkakampanya at pagtulong sa pag-oorganisa ng aktibidad para sa ikabubuti ng komunidad, gaya ng walkathons, celebrity games, gala events, bazaars, etc.
- Laro/Libangan o sports/recreation – nagsasali ng pagtuturo at pagtulong sa pag-oorganisa ng paligsahan, sporting events, track meets at summer games o pagboboluntaryo bilang isang leisure buddy o pool assistant
- Mga Pangyayari sa Komunidad o Community Events – kasama rito ang pagtulong sa pag-oorganisa ng winter carnivals, parades, at summer fairs
- Proyekto sa Komunidad – kasama ang pakikilahok sa organisadong food drives; o mga serbisyong sumusuporta sa mga grupong pang-komunidad
- Proyektong pang-kapaligiran o Environmental Projects – kasama ang paglahok sa paglinis ng komunidad, pagtanim ng bulaklak/puno, pagre-recycling, at iba pang pangkalahatang proyekto na nagpapaganda ng kapaligiran.
- Pagboboluntaryo sa mga Seniors – kasama rito ang pag-aasisti sa seniors' residence, e.g. – pagbibigay ng meryenda, pagtulong sa aktibidad, pagpoportero, o paglahok sa mga programa sa pagbisita at pagbabasa
- Pagtatrabaho sa Kumite – kasali ang partisipasyon sa konseho ng tagapayo o advisory boards, neighbourhood associations, at regional associations
- Mga aktibidad na Pang-Relihiyon – kasama ang partisipasyon bilang boluntaryo sa klase sa katekismo, programa sa liturhiya para sa mga bata at mga pangyayaring espesyal
- Programang Pangkabataan o Youth Programs – kasali ang pagboboluntaryo sa pagtulong sa operasyon ng mga programang pangkabataan gaya ng Scouts, Guides, recreation centre activities, breakfast programs, March Break programs, Leaders-in-Training, summer playground activities, at camps
- Pang-upisina o Clerical Work – kasali ang pagboboluntaryo sa reception/tanggapan, trabaho sa kompyuter, at pagko-koreo para sa mga indibidwal o grupo na nagbibigay kawang-gawao pangkalahatang benepisyo sa komunidad
- Gawain sa mga Hayop-kasama ang pagboboluntaryo sa pag-aalaga ng hayop opagboboluntaryo sa zoo o palahayupan
- Sining at Kultura – kasama ang pagtulong sa galerya, pagbuo ng sining o programa, o sa programa ng aklatang pangkomunidad
- Mga Aktibidad Para sa Isang Indibidwal – kasama ang anumang boluntaryong aktibidad na pagtulong sa sinumang nangangailangan ng tulong sa pamimili, tutoring, pag-alis ng niyebe o snow (na hindi gumagamit ng snow blower), gawaing bahay, pagsulat ng liham o pagsasalin, pagbisita sa ospital, boluntaryong pagsangkot sa pag-alaga sa maysakit na talamak, o pagboboluntaryo bilang katulong at kaibigan sa pagbabasa o reading buddy
- Serbisyo sa Paaralan at sa Komunidad nito – maaaring magsali ng serbisyo sa loob ng paaralan na magbibigay benepisyo sa iba na nangyayari sa labas ng regular na araw ng pasukan.